Unibersidad ng Pilipinas
KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PILOSOPIYA
Tanggapan ng Usaping Pangmag-aaral

KAHILINGAN PARA SA PAGGAMIT NG CSSP AVR (PH 207)

Pangalan ng Organisasyon/Tanggapan/Klase:		
Petsa na Kailangan:		**Oras:**
Layunin:		
Silid at Kagamitan na Kailangan	**Halaga/Oras**	**Kabayaran**
AVR (PH 207)	50	P
TV	25	P
LCD Projector	200	P
Sound System	250	P
KABUUANG HALAGA		P O.R. #
Overtime Fee ng Technician		P

MGA PATAKARAN

Ang paggamit ng CSSP AVR ay kinapapalooban ng mga patakaran. Ang paglagda ng gagamit sa ibaba ay mangangahulugan ng kanyang pagsang-ayon at pagtupad sa mga patakarang ito. Anumang paglabag dito ay maaaring magresulta sa hindi pag-apruba ng susunod na kahilingan para sa paggamit ng nabanggit na pasilidad.

1. Ang mga miyembro ng kaguruan, tanggapan, at organisasyon sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (KAPP) ay maaaring gumamit ng PH 207 para sa mga natatanging klase/gawain na nangangailangan ng mga kagamitan sa AVR.
2. Para sa patas na paggamit ng AVR, ang bawat guro, tanggapan, at organisasyon ay maaring gumamit ng AVR nang hindi hihigit sa siyam na oras kada buwan.
3. Para sa mga organisasyong nakabase sa KAPP, ang pinakamaagang panahon ng pagsumite ng kahilingan para sa paggamit ng AVR ay dalawang linggo bago ang gawain; samantalang ang pinakahuling panahon naman ay isang linggo bago ang aktibidad.
4. Ang paghingi ng kahilingan para sa paggamit ng AVR ay dapat may pag-apruba mula sa Tagapangulo ng Departamento/Direktor ng Surian/Pinuno ng Tanggapan/Gurong Tagapayo ng Organisasyon.
5. Ang kabayaran sa paggamit ng silid at kagamitan ay isasagawa sa CSSP Computer Laboratory.
6. Ang pagdadala ng mga pagkain, inumin, at paninigarilyo sa loob ng AVR ay mahigpit na ipinagbabawal.
7. Ang *ovetime fee* ng AVR *technician* ay kailangang bayaran ng sinumang gagamit ng AVR nang lagpas sa opisyal na oras (8-12 n.t., 1-5 n.h) nito.
8. Ang mga gawain ng KAPP ay bibigyan ng prayoridad. Maaring kanselahin ang mga nauna nang naipareserbang gawain kung sakaling kailanganin ng Kolehiyong gamitin ang AVR para sa mga gawain nito. Isasauli ang bayad ng klase/tanggapan/organisasyong nakansela ang paggamit ng AVR.
9. Responsibilidad ng gagamit ng AVR na pangalagaan ang silid at mga kagamitang gagamitin. Anumang sira sa mga ito ay pababayaran sa klase/tanggapan/organisasyon.

Pagsang-ayon:

_____
Nakalimbag na Pangalan at Lagda/Katungkulan

Inirerekomendang Aprubahan:

_____
Nakalimbag na Pangalan ng Tagapangulo ng Departamento/
Direktor ng Surian/Pinuno ng Tanggapan/Gurong Tagapayo

Mga Puna: _____

☐ **Inaprubahan**
☐ **Hindi Inaprubahan**

Jairus D. Espiritu
Tagapag-ugnay